JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 6:
## Mabuting Pagkatao ay Ispiritwalidad



**Pangalan ng Mag-aaral:** ___________________________

**Baitang at Pangkat:** ___________________________

**Pangalan ng Paaralan:** ___________________________



# Alamin

Mahalaga ba ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao? May kinalaman ba ang ating paniniwala para tayo ay magkaroon ng mabuting pagkatao? Ang pagkakaroon ba ng mabuting pagkatao ay nagpapakita ng ispiritwalidad?

Bawat isa sa atin ay may kanya-kanyang paniniwala na nagtuturo sa atin kung paano maging isang mabuting tao dito sa mundo. Magkaiba man ang ating paniniwala ngunit magkatulad naman ang ating hangarin na maging isang mabuting tao. Paano nga ba natin maipakikita ang ating mabuting pagkatao?

Ang modyul na ito ay tutulong sa iyo para maunawaan na ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang iyong paniniwala ay huhubog sa ispiritwalidad ng isang tao.

Sa katapusan ng modyul na ito, inaasahang maipaliliwanag mo na *ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang iyong paniniwala.*




**Source:** Zenaida R. Ylarde and Gloria A. Peralta, *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat*, ed. Gloria A. Peralta Quezon: Vibal Group Inc., 2016. 133

## Pamantayan sa Pagkatuto

Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad. Hal. pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala; pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos. **EsP6PD- IVa-i–16**

- Maipaliliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang iyong paniniwala.



# Subukin

**Panuto:** Piliin ang tamang saloobin hinggil sa mga pangyayari. Bilugan ang titik ng tamang sagot

1. Oras ng recess, napansin mo na tinitingnan ka ng iyong kamag-aral habang kumakain. Pinabaunan ka ng dalawang tinapay ng iyong ina, ano ang gagawin mo?

   A. Aasarin mo sya dahil wala itong baon.
   B. Ibibigay mo ang isang tinapay sa iyong kamag-aral.
   C. Hindi mo na lamang siyang papansinin.
   D. Sasabihan siyang sa iba nalang manghingi.

2. Si Jhana ay isang Katoliko, may kaibigan siyang Muslim na si Jamaimah. Madalas silang maglaro at magkwentuhan ng mga may kaugnayan sa Diyos kahit na sila ay magkaiba ng paniniwala. Anong ugali ang ipinapakita ni Jhana?

   A. Pakikipagkaibigan sa mga taong may ibang relihiyon at paniniwala.
   B. Pakikipag-away sa iba tungkol sa iyong paniniwalang panrelihiyon.
   C. Pagtutuligsa sa paniniwala ng ibang relihiyon.
   D. Walang pakialam sa paniniwala ng iba.

3. Habang papunta ka sa paaralan nakita mong hirap tumawid ang isang matandang pulubi sa kalsada. Ano ang iyong dapat gawin?

   A. Tatawagin ang ibang bata na tulungan ang matanda na tumawid.
   B. Hahayaan nalang ang matanda na tumawid tutal naman may sarili itong mga paa.
   C. Tutulungan ang matandang pulubi sa pagtawid sa kalsada.
   D. Magkunwaring hindi nakita ang matanda.

4. Bilang isang boy scout, ikaw ay naatasang magtaas ng bandila subalit tinawag ka ng iyong kaklase para tapusin ang inyong proyekto. Ano ang gagawin mo?

   A. Sasamahan ko ang aking kaklase.
   B. Tatanggihan ko siya at ipapaliwanag ang mahalagang gawain.
   C. Hindi na lang ako pupunta sa dalawa.
   D. Hindi ko papansinin ang aking kaklase

5.Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng mabuting pagkatao?

A. Tatangging tumulong sa kapwa kapag sa ibang relihiyon kabilang.
B. Makipag-usap sa iba tungkol sa kanilang paniniwalang panrelihiyon.
C. Iwasan ang mga taong iba ang paniniwala.
D. Hindi papansinin ang mga taong kabilang sa ibang relihiyon.

# Modyul 6 Mabuting Pagkatao ay Ispiritwalidad



## Balikan

Sa nakaraang aralin, naunawaan mo kung paano ang pananalig at pag-asa tumuloy sa kabanalan. Sa gawaing ito, babalikan natin ang iyong natutunan sa nakaraang aralin.

**Panuto:** Iguhit sa patlang ang masayang mukha ☺ kung tama ang isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha ☹ naman kung mali ang isinasaad.

___________1. Ang pananalig sa Diyos ay nagbibigay ng pag-asa sa tao.

___________2. Kapag dumaranas ng problema, ang pagdarasal ay hindi nakapagbibigay ng pag-asa

___________3. Ang pananalig ay ang pagtitiwala sa Diyos kahit hindi siya nakikita ng personal.

___________4. Nagpapakita ng kabanalan ang pakikipag-away sa mga kapitbahay.

___________5. Mahalaga na palagi tayong may positibong pananaw, pag-asa at pagmamahal sa ating kapuwa at sa Diyos.



# Tuklasin

**Panuto:** Suriin ang bawat larawan at sagutin ang sumusunod na mga tanong.





**Source:** Clipart Station, *Pagtulong sa Kapwa Clipart 5,* *https://clipartstation.com/pagtulong-sa-kapwa-clipart-5/*





**Source:** Maricar Valmonte, *Paggawa ng Mabuti sa Kapwa*, July 26, 2017. 1, accessed November 26, 2020, https://pt.slideshare.net/MaricarValmonte1/paggawa-ng-mabuti-sa-kapwa-78262206

**Source:** Clipart Station, *Mabuting Asal Clipart 5,* *https://clipartstation.com/mabuting-asal-clipart-5/*

Tungkol saan ang mga nasa larawan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Kung ikaw ang nasa larawan, gagawin mo rin ba ang kanilang ginagawa? Bakit?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Naitanong mo na ba sa iyong sarili kung bakit kailangan nating gumawa ng mabuti sa ating kapwa?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ano ang pakiramdam kapag ikaw ay nakagawa ng mabuti sa iyong kapwa?

______________________________________________________________

______________________________________________________________



# Suriin

Ang ispiritwalidad, ay tumutukoy sa sukdulan o imateryal *(walang katawan o anyong materyal)* na realidad. Isang panloob na daan na nagbibigay-daan sa mga tao na matuklasan ang diwa ng kanilang pagkatao. Tiwala sa Diyos at sa kahandaang tumulong kapag kailangan gaano man kahirap ang sitwasyon.

Ang tunay na diwa ng ispiritwalidad ay ang pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapwa at ang pagtugon sa tawag ng Diyos kaya hindi maitatangging nagtataglay ng mabuting kalooban ang isang tao na kusang gumagawa ng kabutihan sa kapwa at sa iba pang nilikha.


Ang ispiritwalidad ng bawat tao ay may malaking bahaging ginampanan sa paghubog ng kaniyang mabuting pagkatao. Ang mabuting pagkatao ay wala sa kasarian, katanyagan, katalinuhan, kulay ng balat, estado sa buhay at maging sa relihiyon.

**Sources:** Rexie Javier, *Demo Lesson in ESP 6*, March 11, 2019, 15, accessed November 26, 2020, https://www.scribd.com/presentation/401570354/Demo-lesson-in-ESP-6
Zenaida R. Ylarde and Gloria A. Peralta, Ugaling *Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat*, ed. Gloria A. Peralta. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, 132-133



# Pagyamanin

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang bilog na nagpapakita ng mabuting pagkatao at ekis (X) ang hindi nagpapakita.


Pakikipag-away sa iyong kapatid
panganga-laga sa kalikasan
pagbibigay ng pagkain sa mga pulubi
pakikipaglaro sa mg kaklase na iba ang relihiyon
pagkutya sa paniniwala ng iba
paggalang sa mga nakakatanda at kapwa bata
pag-aalaga ng may sakit
pagsisimba/ pagsasamba
hindi makipag-usap sa kapitbahay na iba ang paniniwala
pagtulong sa nanganga-ilangan
Ispirit-walidad



# Isaisip

**Panuto:** Ibigay ang mga impormasyon na kailangan para makumpleto ang talata.

Ang tunay na diwa ng ispiritwalidad ay ang ______________________________________________________________.

Ang mabuting pagkatao ay wala ______________________________________________________________.

Magbigay ng tatlong halimbawa ng pagkakaroon ng mabuting pagkatao.
______________________________________________________________

**Rubrics sa Pagmamarka**

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| **Nilalaman** | Naipahayag sa talata ang kinakailangang impormasyon | Hindi masyadong naipahayag sa talata ang kinakailangang impormasyon | Malayo sa paksa ang nasulat sa talata |
| **Organisasyon** | Mahusay ang pagkasulat ng talata. Nagkasunod-sunod ang mga ideya. | Hindi masyadong mahusay ang pagkasulat ng talata. Hindi nagkasunod-sunod ang mga ideya. | Hindi maunawaan ang mga ideyang nakasulat sa talata |



# Isagawa

**Panuto:** Sumulat ng liham pasasalamat sa Diyos, dahil ginawa ka niyang isang mabuting tao gayundin sa iyong mga magulang na gumabay sa iyo upang maging mabuting tao. Gawin ito sa loob ng hugis puso.

Liham
Pasasalamat
sa Diyos

Liham
Pasasalamat
sa Magulang

**Rubrics sa Pagmamarka**

| **Mga Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| **Nilalaman** | Naipahayag sa liham ang pasasalamat sa Diyos at Magulang | Hindi masyadong naipahayag sa liham ang pasasalamat sa Diyos at Magulang | Malayo sa Paksa ang nasulat sa liham |
| **Organisasyon** | Mahusay ang pagkasulat ng liham. Nagkasunod-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkasulat, may panimula at konklusyon | Hindi maayos ang pagkasulat ng liham. Walang panimula, katawan at konklusyon |



# Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng may pinakaakmang sagot.

1. Inaanyayahan ang lahat sa inyong lugar na sumali sa prusisyon ng Santa Maria. Nagkataong hindi ka katoliko, ano ang nararapat mong gawin?

   A. Hindi ka sasali ngunit igagalang mo ang pananampalataya nila.
   B. Hindi mo na lamang papansinin ang paanyaya.
   C. Kukutyain mo ang mga katoliko sa kanilang pananampalataya.
   D. Sasali nalang kahit labag sa iyong kalooban.

2. Nagpasya ang mag-anak ni Jethro na magsagawa ng paglilinis sa kanilang tahanan sa darating na Sabado. Nakagawian ni Jethro na maglaro ng basketbol tuwing araw na ito. Kung ikaw si Jethro, ano ang gagawin mo?

   A. Tutulong muna sa paglilinis bago maglalaro.
   B. Maglalaro ng basketball dahil naghihintay ang barkada.
   C. Tutulong ngunit magdadabog para paalisin kaagad.
   D. Matutulog nalang buong araw.

3. Ang inyong samahan ay laging nagdarasal sa inyong kapilya. Napansin mo na hindi sumasama sa gawaing ito ang iyong matalik na kaibigan. Ano ang gagawin mo?

   A. Aalamin kung bakit hindi siya nakikiisa sa gawain at pagalitan siya.
   B. Hindi siya kakausapin at isusumbong siya sa inyong pari.
   C. Hihikayatin siyang sumama sa gawain.
   D. Hindi na siya ituturing na kaibigan.

4. Nasunugan ng bahay ang iyong kapitbahay. Bilang isang mag-aaral, ano ang iyong maaring gawin?

   A. Magbibigay ng lumang damit na maayos pang suutin.
   B. Bibigyan sila ng mga damit na sira na.
   C. Hahayaan na lang sila na dumiskarte.

5. Pagkatapos magdasal ni Endeng ay nakagawian na niya ang magbasa ng bibliya. Sa iyong palagay, tama ba na magbabasa pa siya ng bibliya?

   D. Magkukunwaring walang alam sa kanilang sitwasyon.

A. Hindi, dapat ay may ibang oras ang pagbabasa ng bibliya at hindi ito dapat isinasagawa pagkatapos ng pagdarasal
B. Hindi, sapagkat nakapagdasal na siya at wala itong kaugnayan sa kanyang pagdarasal.
C. Oo, sapagkat higit niyang mauunawaan ang mga salita ng Diyos.
D. Oo, para hindi na niya ito gagawin sa susunod.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang iyong lugar sa bawat kolum at bigyan ng paliwanag ang sagot sa huling kolum.

| Mga Gawain | Palaging Ginagawa | Paminsan-minsang Ginagawa | Hindi Ginagawa | Paliwanag |
|---|---|---|---|---|
| Pagdarasal bago at pagkatapos kumain. | | | | |
| Pagbabasa ng salita ng Diyos. | | | | |
| Pagtulong sa kapwa na nangangailangan | | | | |
| Paggalang sa paniniwala ng iba. | | | | |
| Pinapatawad ang mga taong nakasakit sa iyong damdamin. | | | | |

**Rubrics sa Pagmamarka**

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| **Nilalaman** | Nakapagbigay ng sagot sa bawat gawain | 3-4 na gawain lamang ang nasagutan | 1-2 na gawain lamang ang nasagutan |
| **Pagpapaliwanag** | Mahusay na naipaliwanag ang mga sagot sa bawat pahayag | 3-4 na gawain lamang ang naipaliwanag ng maayos | 1-2 na gawain lamang ang naipaliwanag ng maayos |

## Sanggunian

Clipart Station. *Pagtulong sa Kapwa Clipart 5.* Accessed: November 26, 2020 https://clipartstation.com/pagtulong-sa-kapwa-clipart-5/.

Clipart Station. *Mabuting Asal Clipart 5* . Accessed: November 26, 2020 https://clipartstation.com/mabuting-asal-clipart-5/

Department of Education. "Most Essential Learning Competencies". Date Accessed: November 25, 2020 https://commons.deped.gov.ph/K-to-12-MELCS-with-CG-Codes.pdf

Javier, Rexie. *Demo Lesson in ESP 6*, March 11, 2019, 15, 20, 23, 25. Accessed: November 26, 2020 https://www.scribd.com/presentation/401570354/Demo-lesson-in-ESP-6

Valmonte, Maricar. *Paggawa ng Mabuti sa Kapwa* July 26, 2017, 1. Accessed: November 26, 2020. https://pt.slideshare.net/MaricarValmonte1/paggawa-ng-mabuti-sa-kapwa-78262206 .

Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat,* edited by Gloria A. Peralta. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, 132-133

Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Manwal ng Guro,* edited by Gloria A. Peralta. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, 35-37

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **Reah E. Molejon**
Don Andres Elementary School
Ipil, Zamboanga Sibugay

Editor: Catleya Jean T. Llorente
Shariffa Nur-Raizzah Jeanibvive H. Mohammad

Tagasuri:
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A.Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*